Fact Sheet ng Programa

Mag-ipon Ngayon. Umunlad Bukas.

Ang programang Pag-iipon para sa pagreretiro ng **Washington Saves** ay pinapahintulutan ang mga nagiipon para makapag-ambag sa kanilang IRA (Individual Retirement Account, Indibidwal na Account sa Pagreretiro) mula mismo sa kanilang sahod; ang programa ay inaasahang ilulunsad sa Hulyo 2027.

Paano Sasali ang Mga Empleyado:

Awtomatikong Pag-enroll: Awtomatikong ie-enroll ang mga empleyadong 18+ pataas na nagtatrabaho para sa isang kalahok na employer. Kontrolado nila ang kanilang paglahok at puwede silang umalis o bumalik anumang oras.

Mga Portable na Account: Susundan ng mga accounts ang employed saan man sila magtrabaho. Walang hassle, walang kumplikadong dokumento. Puwedeng i-adjust ang rate ng kontribusyon anumang oras.

Access sa Pag-invest: Ang parehong mataas na kalidad na pondo sa pag-invest na iniaalok ng malalaking employer.

Magkaroon ng Makabuluhang Epekto:
Hinihikayat ang mga organisasyon na gustong makipag-partner sa pakikipag-ugnayan na kontakin ang programa sa **info@wasaves.wa.gov**.

Patuloy na Kumonekta: Bumisita sa **www.wasaves.com** para matuto pa at manatiling updated.

Pagtugon sa Gap sa Access ng Mga Nag-iipon:

Malaki ang Gap: Tinatayang 43% ng mga manggagawa sa pribadong sektor ng Washington–humigit-kumulang 1.2 milyon–ang walang plano sa pagreretiro sa trabaho.
Malamang ay Mas Mag-ipon: 15 beses na mas malaki ang posibilidad ng mga manggagawa na mag-ipon kung mayroon silang access sa isang programa sa pag-iipon sa pamamagitan ng pagkakaltas sa payroll.
Mas Matatag na Komunidad: Kapag may ipon para sa pagreretiro ang mga manggagawa, makakapag-ambag sila sa ekonomiya ng Washington sa mga taon ng kanilang pagreretiro.

Pag-aalis sa Mga Balakid sa Mga Negosyo:

Bayad: Walang babayaran sa programa ang mga employer o walang kontribusyon mula sa employer.
Pagiging Kumplikado: Minimal lang ang pang-administratibong gagawin ng mga employer.
Pananagutan: Ang mga employer ay hindi mga fiduciary at walang responsibilidad sa disenyo ng programa o mga pasya ng empleyado.

Washington Saves

PROGRAMA SA PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO

FAQ (Frequently Asked Questions, Mga Madalas Itanong)

Employer

Bilang employer, kailangan ko bang sumali sa Washington Saves?

Inaatasan ng batas ng estado ang mga employer na magparehistro at padaliin ang pag-access ng empleyado sa Washington Saves kung natutugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- 2 taon na o higit pa na nag-operate sa Washington,
- May pisikal na presensya sa Estado ng Washington
- Nagkaroon ng mga manggagawa na nagtrabaho nang hindi bababa sa 10,400 oras sa nakaraang taon ng kalendaryo (katumbas ng humigit-kumulang 5 full-time na empleyado)
- Walang iniaalok na kwalipikadong plano sa pagreretiro

Magkano ang gagastusin ko?

Walang sisingilin ang Washington Saves sa iyong negosyo. Hindi pinapayagan ang mga kontribusyon ng employer.

Mga Nag-iipon

Aabisuhan ba ako kung awtomatiko akong ie-enroll?

Oo. Marami kang matatanggap na abiso bago ka i-enroll at habang ine-enroll ka sa lugar ng trabaho mo. Gusto naming kumpleto ang impormasyong alam mo para makagawa ka ng pasyang tama para sa iyo. Idinisenyo ang Washington Saves para padaliin at gawing accessible ang pag-iipon para sa lahat.

Sino ang may-ari ng pera sa aking IRA?

Ikaw. Sa iyo ang iyong Indibidwal na Account sa Pagreretiro. Pag-aari at kontrolado mo ito, at mananatili ito sa iyo sa buong karera mo—sasama ito sa bawat trabaho mo.

Mayroon bang vesting period (tagal ng paghihintay) bago ko magamit ang pera sa aking IRA?

Wala. Pag-aari at kontrolado mo ang iyong account. Palaging sa iyo ang pera mo, at maa-access mo ito anumang oras (inilalapat ang mga panuntunan sa pag-withdraw ng IRS).

Magkaroon ng Makabuluhang Epekto: Hinihikayat ang mga organisasyon na gustong makipag-partner sa pakikipag-ugnayan na kontakin ang programa sa **info@wasaves.wa.gov**.

Patuloy na Kumonekta: Bumisita sa **www.wasaves.com** para matuto pa at manatiling updated.

Washington Saves

PROGRAMA SA PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO

Binago noong 02/2026